Fenland
CAMBRIDGESHIRE
Fenland District Council

Impormasyon tungkol sa Coronavirus

Kailangang patuloy nating gawin ang lahat ng ating makakaya para tumulong na mapigilan ang pagkalat ng coronavirus, protektahan ang ating komunidad at ang NHS.

Para protektahan ang iyong sarili at ang iba, mangyaring:

Isagawa ang pagdistansya sa kapwa. Panatilihin ang hindi bababa sa 1 metrong layo mula sa mga taong hindi mo kasama sa bahay sa lahat ng oras.

Palaging magsuot ng pantakip sa mukha sa mga kulong na lugar, kabilang ang mga tindahan, pamilihan, bangko at pampublikong sasakyan

Regular na hugasan ang iyong mga kamay sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitiser

Ano ang dapat gawin kung mayroon kang mga sintomas ng coronavirus:

Kung mayroon kang mga sintomas ng coronavirus o nakihalubilo sa isang taong nagkaroon ng mga sintomas, magpasuri para sa coronavirus at huwag lumabas ng bahay sa loob ng hindi bababa sa 10 araw.

Tandaan, ang mga pangunahing sintomas ng coronavirus ay:

Mataas na temperatura

Tuloy-tuloy na pag-ubo

Pagkawala ng pang-amoy

Pagkawala ng panlasa

I-book ang iyong pagpapasuri online sa: www.nhs.uk/ask-for-a-coronavirus-test o tumawag sa 119.

Kung nasuri kang positibo sa coronavirus, kailangan mong manatili sa bahay sa loob ng hindi bababa sa 10 araw at dapat manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw ang mga taong kasama mo sa bahay.

Manatiling na-update sa impormasyon tungkol sa coronavirus sa: www.fenland.gov.uk/coronavirus